

'DI LANG LALÁNG

Paraluman / Okir-a-Datu / T'nalak / Vakul

Takaan / Manunggul / Plakang Tanso

Hagabi / Kampilan / Sunduk / Falaka

Kabyawan / Bul-ul / Tabungaw

*"Walang nalalabi sa pag-aagawan
ng mga Kastila kung matatagpuan."*

- Ang Mga Cazadores, Andres Bonifacio

*"Parang may engkanto ang ibong Agila,
nalulukuban ka'y di mo alumana."*

- Sa Dakong Silangan, Jose Corazon de Jesus

PARALUMAN

Mabagsik ang laot at pusikit ang paligid;
mabagsik kay Talang dalagang-bukid:
magiliw at ligawin. May taglay siyang

de-kahong aguhon – isang paraluman –
yapos niya sa mga bisig, ni ayaw pakawalan,
para bang karugtong ng buhay. *Akin. Akin. Akin*

lamang. Nagpupuyos ang mga hampol
at sumasalpok sa gilid ng bundat na galyon
ang mga tayuntong. Ngunit hindi natitinag

si Tala, gaya ng isang matapat na sinta
na pinupupog ng mga alon ang mga paa
habang matiyagang naghihintay sa dalahik;

isang mascarón de proa na unang itinutulak
sa maktol at ngitngit ng mararahas na dagat.
At iyong aparatong kawangis ng puso

walang habas ding winawasiwas ng laot
sa pusod ng dilim at kung saang lupalop.
Natataranta kaya ang kanyang kalamita?

nakararamdam kaya ng pagkailay
sa walang patumanggang alimbukay
gaya ng pagkabighani sa balani ng daigdig?

Isang panalangin: landas pabalik ay ituro
sa timonel na ang ulirat ay tuliro.
Ibadling ang timon kung kakailanganin

nang hindi na mabagbag o maligaw.
Marapat ibalik ang mga lulang lalang
sa pinagpilasang niloobang Pilipinas.

OKIR-A-DATU

Sa Madrid, ang *Museo del Ejercito* ay kuwartel ng sanlaksang hukbo ng nakalipas; isang imbakan ng mga mangungulimbat na Espanyol, hinati sa ilang pitak: Balangingi, Jolo, Pata, Maimbung, Tapul, at Marawi. Sa mga eleganteng iskaparate, pinagpaparangyaan ang mga sandata at likhang nasamsam at nadambong sa mga Moro mula 1848 hanggang 1895. Nagkalat din ang mga sandata at likha sa *Museo de Antropologia*, *Museo de America*, at *Museo Naval*. Gayundin sa *Museu Etnologic* sa Barcelona. Nakahingi pa ng balato maging mga monasteryo.

Ipinuslit sa karagatan mulang Fort Santiago ang mga lalang na minarkahan ng *okir-a-datu* bilang rekuwerdo ng diumano ay kolonisado nang arkipelago. Pinagpaparangyaan ang mga ito na para bang medalya o tropeo, o pinatuyong pugot na ulo ng mailap na hayop na nasamsam nila sa pangangaso.

Masugid na siniyasat ang motif ng okir-a-datu kung bakit lagi itong umaalibukay sa mga kris at barung, lumalantik sa mga sisidlan at panolong. At nang maulinigan ang mga katutubong sisne ng Lanao, natuklasan nila itong umiimbay sa mga kudyapi at kulintang.

Hindi nila natagpuan, palibhasa ay laging nakalingon sa Kanluran, ang batayang simula ng lahat ng okir – ang *matilak* – ang binhi na nabuo sa niligid na puwang. Nagsupling sa matilak ang pako rabong at, mula roon, lumago ang mga dahon. Hindi ba't sagisag ito ng minulan ng mga Iranon? Matilak iyong sulyaw ng bulkan at hulo ng nagsanga-sangang ilog at pasigan.

Sa ibang kalatagan, ang matilak ay magiging mata ng naga o sarimanok, kapwa tagapaghatid sa inmortalidad. At para bang tayuntong-humbak ang indayog ng mga palaypay at plumahé; karaniwang sarikulay – sagisag ng kasaganaan, hindi man sa lupa, sapagka't laging nilulupig, ay sa kabilang buhay.

MGA TALA:

1. “*The Cross Surmounts the Dragon—Or Does the Cross Emanate from the Dragon? A Cautious Look at Islamic Designs on the Catholic Church Bells in the Philippines*” ni Regalado Trota Jose
2. “*Binhing Banal: The Mandala and Traditional Philippine Sacred Seed*” ni John Paul Olivares

T'NALAK

Kumunday-kunday ang tapis
na t'nalak – humapong rara avis –
pumagaspas at umawit.

Bakas sa mewel ang kathambuhay
ng libon at ng buo niyang angkan.
Ito ang mewet ng T'boli sa kalikasan:

Hindi kailanman mapapatid.
Maging sa bugtong na panaginip
magpapatuloy ito sa pag-ikid.

Bawat hulwaran ay namumukod-tangi
dahil panagimpan ang talang nalimi
sa talaytay ng pula, itim, at puti.

Paghiga ng libon sa nakikiramay na kama,
matiyaga siyang maghihintay na mabisita
ni Fu Dalu na siyang diwata ng abaka.

Handurawan ay ikikintal sa kanyang noo
ng milagrosang si Fu Dalu
tulad ng bathalang nanaginip ng mundo.

Maaaring ang pahayag ay tigulang,
mga butiki, dahong nagsasayaw,
langkay ng ulap, tutubi sa parang.

Maaaring mabalasik na kampana,
nagliliparang mga pana,
kalasag ng mandirigma.

Banal na ang libon mula pagkagising
at hindi na maaaring abalahin,
kailangang ang abaka ay konsagrahin.

Ihihiwalay sa bunton ng sapal
ang gagamiting mga himaymay
bago harapin ang habihan.

Kailangang dagta ay kumapit:
pula sa katapangan at pag-ibig;
itim sa paghahamok at ligalig.

Sakripisyo ang paghimpil sa blaba.
Kailangang hulwaran ay umalagwa
sa bawat buhol at lala sa tela.

Hindi pinapayagang sumiping
ang libong naatangan ng tungkulin
tulad ng isang alay na birhen.

Aabutin ng ilang buwan ang sakripisyo
kaya laman ng isip, masagrado
t'nalak na tagapamagitan sa dibino.

Kubong ang t'nalak ng kapwa-lumad,
lampin ng bagong panganak,
kaloob sa kasal kapag nagbabasbas.

Hindi maaaring tabasin o labhan
at kung ikakalakal, sa tanso ilagay
kung ayaw magkasakit o mamatay.

Tuwing ang libon ay nananaginip
nalalantad sa kanya ang daigdig.
Maging mga badya ng panganib.

Itim. Gumapang ang itim sa t'nalak.
Mariin ang babala ni Fu Dalu sa lumad:
Dumating na ang mga mangwawasak!

Wala nang masilungan ang mga ibon,
mga ilog ay sinaluyan na ng lason.
Itim. Itim ang panaginip ng mga libon.

Ngunit si Fu Dalu na rin ang nagdala
ng balitang tigmak ng panibagong pag-asa:
sa t'nalak dadanak ang tingkad ng pula.

VAKUL

Ikalawang buhok
ngunit hindi lumago
mula sa anit.

Insignia
ng fenix sa yugto
ng lagablab

bilang taga sa gunita
ng awanggan at muling
pagkabuhay.

Lalang mulang vuyavuy,
saksi sa pangitain
ng pagbabagong

-bihis ng munting
arkipelago
sa dakong hilaga –

Wala nang natira
sa mga mandirigmang
umaawit ng rawod.

Wala nang dumadalaw
sa mga puntod
na may bakod-batong

balangkas-bangka
maliban sa mga turista
at arkeologo.

Wala nang ibig magbasa
ng langit
sa pagdating ng sigwada.

Nagsilakihan na
ang mga sanggol
na iniwan sa mga vakul

habang nagbubungkal
ng ube't kamote
ang kani-kanilang ina.

Marami nang nagtatanim
ng kani-kanilang paa
sa mga banyagang bayan;

ni ayaw nang manghayuma
o mangkurag
ng dibang.

Tila ba tigib
ng nakalipas
ang Batanes.

Tinitibag ang koraless
at kalisang bahay
para sa kongkreto't bakal.

Ang vakul na panangga
sa sungit ng panahon
ay iniwang inuuban.

TAKAAN

Kabayong kahoy na nilikha
para itago sa pagawaan,
hinahaplos kang gaya ng isang bathala.
Matapos kang damtan ng balita
mulí ring susugatan.

Salat ang talas ng sundang sa katawan.

Itinaga sa bato ang patibay:
ilang ulit mang maghunos
ng hiram na balat,
ilang kuwadra man ang kinapal,
hindi ka matatawaran.

MANUNGGUL

Umuugit, hindi
sumasagwan ang gumagaod
sa taluktok
ng tapayang manunggul.

Dalawang katao
sa magkabilang dulo
ng bangka,
wala ni layag o katig.

Hindi na kakailanganin
pagka't hindi
gigiwang o tatalikwas;

pagka't hindi kailanman
naligaw
ang bangkero.

Nakahalukipkip
ang pasaherong
kanyang itatawid –
kaluluwa ng yumaong

ang mga buto
ay nakasilid
sa bangang sinakluban,
pinahiyasan ng alimbukay.

Mabibilang sa mga daliri
ang mga dalumat
kung ano ang himala

ng matandang tapayang
natagpuan sa karurukan
ng matarik na dalisdis:

Isang kasunduan
sa pagitan ng baylan
at Nagsalad: hindi

magiging maunos
ang paghahatid
sa inmortalidad

kaya't nakatanaw
sa karagatang may gaya
na sangyutang antitilaw.

PLAKANG TANSO

Ipinahahayag ng batbat sa pilas na tanso

ang kahatulan

sa mga buhay na supling ni Namwran;

isang tipan sa pagitan ng panginoon at maginoo.

Anong ginto itong pinag-ugatan ng pagkakautang?

kasimbigat

ng sampung buhay; naisasalin sa kaapu-apuhan?

Sa wawa ng Lumbang natagpuang

nakalulón ang talaan sa binistay na buhangin:

sapantaha ng deskubridor ay ginto ang nadukal —

natanso

nang matantong tanso ang lumitaw. Bulawan

ang naminang makislap na plakang nakalahok

sa alabok; sampung siglong naghintay

ng dudukal.

Pinakamatanda sa kaban ng katibayang

ginintuan ang kabihasnan ng tinubuang bayan

bago nadiwalwal sa krus at limbas.

Bulawan gaya ng mga pahiyas sa katawan

ng nabubuhay at nawara

tulad ng marangal na si Namwran – gintong hikaw,
gintong kuwintas, gintong pulseras, gintong sinturon,
gintong ngipin; gintong bathala
na tampulan ng mithi;
gintong budhi na tahasang
isinalang sa timbangan katapat ng kalakal.

Tiim-bagang na tinanggap ang inakalang kapalaran:

kaalipnan

sa halagang ilang tipak ng ginto.

Binatbat doon sa pumusyaw nang pahina ang lahat,

ang lahat-lahat ng maaari pang lingunin.

Isang pilas ng tansong badha at mukha ng nakalipas.

Isang labí, isang labíng nawawala ang kapingas.

HAGABI

Biga sa edipisyo ng nakaaangat na angkan
ang paglála sa pambihirang alamat;
badyahin ang mabubunying salaysay ng lipi,
bigyang-matwid ang paghamak sa mga salát.
Tulad ng kinathang kasaysayan ng hagabi
na tanging kadangyan ang makapagpapasadya
at kadangyan din lamang ang doo'y makahahapon.

Para bang ipinamamaraling kinasihan ng langit
o bumaba mula sa langit ang kanilang lipi
kaya mga kasangkapa'y kailangang konsagrahin
pagka't masagwa at salaula ang di-banal.
Sadyang pinalawig para maging maingat
ang masalimuot na seremonyas ng mamaldang,
o sadyang mabusisi nang hindi makatakas
ang biyaya sa kahoy na babasbasan.
Walang ibang mamamahala kundi ang mumbaki
na siyang nagputong ng kapangyarihan
sa isang angkan bilang kahalili
ng Maykapal sa kabundukan at kalupaan.

Pasinaya'y nakasalalay sa kahihinatnan
ng pagsipat sa apdo ng kinatay na manok:
kailangang malarosas at maumbok ang lamanloob,
tanda na kinasihan ng langit ang ritwal.
(Kung maliit at maputla'y may dalang sumpa.)
At kapag may pahintulot na mula sa itaas
maaari nang tahakin ng munhabat
ang gubat, magtroso ng naga o ipil
na hindi malagari ng mga ngipin
ng anay. Ilang araw ding kakaladkarin
ng isang banda ng mga alilang-kanin
ang mabigat at matigas na katawang-kahoy
pabalik sa purok na aabutan nilang
namumuwalan na sa piging
upang ipagdiwang ang pagsasadibino
ng lalang na rumurupok at napupuksa.
Magsisimula ang magarbong paglikha
sa bangkông luklukan ng mga mariwasa.

Ayon sa alamat, may dalawang magkapatid
na binatang ngala'y Boyagon at Anniyan;
nakatira noong araw sa Camandag, Kiangan, Ifugao.
Isang araw, may nabitag silang dalawang isda
sa ilog at sa halip na patayi'y kanilang kinupkop.
Nagkataon namang nakabili ng palayan
ang kanilang mga magulang
at kailangang magsagawa ng ritwal.
Sukat ba namang ihain ang mga isda
sa ikasisiya ng bituka ng mga bisita.
Hindi nasikmura ng magkapatid ang pagkakanulo,
umistokwa, at nagpakalayo-layo.
At kahit anong pilit hindi na inibig pang bumalik
ni makita ang anino ng mga taong naghatid,
kapalit ng dalawang isda, sa kanila sa mundo.

Naisip ng mga magulang, bilang pampalubag-loob,
sa isang primera klaseng kahoy ipalilok
ang bangkông may ukit ng ulo ng kambing
sa magkabilang dulo – binansagang *guinulguldin*
o “gaya ng kambing.” Ngunit kahit gaano kakisig
ang kaloob, mga musmos na puso'y hindi napalambot.
Dala ng nasawing puso, o kawalang puso,
itinapon ng mga magulang sa Ilog Camandag
ang upuan. At iyo'y inanod hanggang sumadsad
sa pampang. Doon na natagpuan ng isang bagamundo.

Sa tagpong iyon naputol ang pusod ng kuwento
ng hagabi na katukayo na lamang ng pagdiriwang
nang maisangkalan ang kabilaning kaayusang
idinuduldol ng angkan ng kadangyan
sa mga nawatwat hanggang sa kaapu-apuhan.

KAMPILAN

Walang patawad ang balasik
ng kampilan
kahit sa sariling kaluban.

Ang handulong ng maydalang mandirigma
ay nagsisimula

hindi sa paghugot sa pinagsukbitan,
kundi sa pagwasak
sa kalubang kumupkop.

Dagling malalantad ang talim
na kayang pumugot

ng dalawang kadigma sa isang taga;
biyakin sila sa gitna
habang umaatungal ang bakunawa

na humihyaw sa puluhan,
animo maninila ng lawa at pitong bulan.

Hindi ba't kampilan iyong nasa kamay
ni Labaw Donggon
nang kitlin si Sikay Padalogdog?

kampilan iyong panadtad
ni Lam-ang sa kalabang tagabundok?

kampilan iyong nagpatumba
kay Magallanes,
nagpaatras sa mga manlulupig?

–kampilang hindi sumasalong,
laging lumulusob; sigwa at sindak.

SUNDUK

Malapuyot na hiyas ang dagat
na minumutya
mula pagsilang hanggang pagpanaw.

Kung bakit iginuhit sa palad
ang kapalarang
maging kapus-palad. Mas mapalad

nga kaya iyong lipi ng mapanupil
na bughaw ang dugo,
nangingislap sa ginto ang mga ngipin?

Hitanong dagat kang kapayapaan
ng pangkaraniwan
ang nasisid pagtaib ng tubig;

pagkati naman ay nagbabalik
sa tahanan
para maglala ng lambat.

Bumabalik kang muli sa patag
para ipagpalit
ang lamang-dagat at gasang,

bakuran ng kubul ang dukal
na paglilibingan,
simulang kayasin ang kahoy

na magiging sunduk na magsisiwalat
ng marilag na dangal
habang ikaw ay nabubuhay.

FALAKA

Nilikom ko sa bumbunan ang itinirintas kong buhok
saka ko sinakluban ng falaka ang pusód.
Tumindig na kami nang muling magmanhik-manaog
sa mga gulugod ng mariringal na bundok;
magpapahilaga, para kami ay mamugot.

Wala pa akong naiuuwing pugot na ulo
para magsilbing rekwerdo
sa mga dalagitang pumipisan sa aking kubo.
Ang kaso, hindi ko kailanman ginustong
kalasin sa aking falakang presyoso
ang magkabilang salapid nitong de-adorno
ng talismang pangil ng barako,
pingas na nakar, ngipin ng aso,
at alimbukad ng ligaw na damo.

Ang tangi kong mithi: ako ay mag-alay
kay Lumawig, sampu ng mga kaangkan,
ng mga pugot na ulo ng mga dayuhang
ibig tapyasin ang aming kabundukan
para gapangin ang ginto nami't mineral.
Panata ko ito hanggang magkauban,
abutin man ng taga at makitil ang buhay.

KABYAWAN

Abot-langit ang atungal ng kabyawan, sukdulang
kaladkarin ang kalabaw sa kabilang dulo ng pamingkis;
karumal-dumal ang kasibaan na para bang hayop
na yari sa bakal at walang patumangga sa pagsakmal
sa kasaganaan ng mga bagong-gapas na tubo.
Nginuya nang nginuya ang mga tangkay at naglalaway
na ibinuga ang bagaso sa hinamak na mga nagsasaka.
Bagaso rin iyong panggatong na siyang nagpapaandar
sa buong kabyawan at kung wala ang manggagapas
sino ang susunog sa tubuhan, susunggab sa lingkaw,
tatagpas sa leeg ng tubo, magpapatakbo ng mga bagon?
paano babalong ang muscovado at repinadong asukal?
Mga tabasero rin ang nagbungkal at nagdilig ng pawis
sa lupa bago tamnan ng taad. Kasabikan nilang luminang
sa pithayang gumaan ang buhay at umalpas sa haciendero
ang asukarera ang siya ring magbabalik ng kabyawan
sa kanilang mga dayupay at lipaking palad.

BUL-UL

Ito ang likha ng lahing Ifugao.

Nang araw na lalangin ng Ifugao ang bul-ul,
sa wangis ng ninuno siya nilalang.
Lalaki at babae silang nilalang;

at sila'y binasbasan

ng usal ng mumbaki
sa ritwal na parang mahabang biyahe
patungong Cordillera.

Ito ang sinibak na katawan ng naga –

kinonsagra sa haplos
na tinubog sa dugo
ng baboy o manok.

Kahimanawari hindi magdala ng salot
ang espiritu,

kundi maghasik ng ginto
sa mga palayang inukit sa mga pisngi ng bundok

at iligtas sa guho

ang lupain ng kadangyan.

Ito ang bul-ul na bantay ng kamalig
na pinunô ng mga nawatwat na nagpagal sa bukid.

TABUNGAW

Sa ilalim ng kumikinang na tabungaw,
nangintab ang pawis ni Diego Silang;

gumulong sa namamanting na mga ugat
sa kanyang noo at pilipisan

habang umiiskape ang sinakyang kabayo
sa maringal na saliw ng dayaw.

Umabot sa dalawang libong mahigit
ang sumapi sa kanyang hukbo.

Iniwan nila ang pananim na tabako.
Iniwan nila ang umiikot na palayok.

Iniwan nila ang basi sa tapayan.
Iniwan nila ang sima at lambat.

Iniwan nila ang mga biga at kalado
ng niyayaring seminaryo at simbahan.

Tinig ng dating tagapaghatid ng liham
ang nag-ungkat ng ebanghelyo ng kalayaan.

Tinig ng dating bihag ng Zambal
ang nagpatinag sa mga bihag ng buwis.

Tinig ng dating binilibid
ang naulinigan ng mga binartolinang busabos.

Tinig ni Silang ang risiris
na nagparingas at nagpadagubdob

sa rubdob ng pita ng Kailukohan
kaya umabot ng dalawang libong mahigit

ang nagsipanandata at nagsipagpalahaw
sa bagwis ng dangadang.

Tinig ni Silang na maagang naulila

at maagang naging kastilaloy ang dila.

Pumulupot siyang batang dahumpalay
sa kalis ng prayle

ngunit agad niyang tinuklaw
nang malamang sanrekwa silang mapangamkam.

Kaya prayle rin ang naghain ng pabuya
kapalit ng kanyang mutyang buhay.

Sa ilalim ng tabungaw na kumikinang,
iluminado ang kabunyian ni Silang

nang siya ay barilin sa likuran
ng ahas niyang kaibigan.